Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Lungsod ng Brampton inaaprubahan ang 2023 Badyet, nagtatayo ng pundasyon para sa kinabukasan

BRAMPTON, ON (Marso 10, 2023) – Magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang 2023 Operating at Kapital na Badyet sa isang Special Council Meeting kahapon.

Kabilang sa aprubadong badyet ang $496 milyon na pamumuhunan sa mga Capital na proyekto, at ibang pinakamalaking kontribusyon na $134 milyon sa mga reserba, habang nagbabase at patuloy na sumusuporta sa makasaysayang mga pamumuhunan sa health care, kabilang ang ikalawang ospital at isang bagong sentro ng pangangalaga sa kanser.

Ang aprubadong Operating na badyet na $845 milyon na resulta sa 2.9 porsyentong pagtaas para sa mga serbisyo ng Lungsod sa porsyon ng Lungsod sa property tax bill, o ang katumbas na $321 tungkol sa average na residensyal na property ng sambahayan sa Brampton.

**Mga Highlight sa 2023 Badyet**

*Mga Kontribusyon sa Imprastraktura*

- $21 milyon sa loob ng tatlong taon tungo sa rebitalisasyon ng downtown
- $3.5 milyon para itayo ang Environmental Education Centre / Animal Shelter na may espasyo ng programa para sa mga beterano at mga unang responder
- $2.6 milyon para sa hub ng sining at kultura

*Pangangalaga sa Kalusugan: Ating Patas na Parte*

- Pagpapatuloy ng levy ng ospital para masuportahan ang konstruksyon ng ikalawang ospital para sa Brampton at isang bagong sentro para sa pangangalaga ng kanser
- $4.9 na milyon na taunang kontribusyon
- $20 milyon na suporta para sa bagong Toronto Metropolitan University medical school

*Transit at Climate Change*

- $210 milyon tungo sa elektripikasyon ng bagong pasilidad ng pangatlong transit sa Brampton, at ang elektripikasyon ay dumadagdag sa umiiral na pasilidad ng Sandalwood transit ng Brampton
- $15.4 na milyon para sa  Züm service expansion sa kahabaan ng Chinguacousy Road corridor

*Kaligtasan at Kabutihan ng Komunidad*

- 24 na bagong full-time na firefighters
- Higit sa $650,000 para ihatid ang Plano ng Aksyon sa Kaligtasan ng Komunidad
- $8 milyon tungo sa bagong kasangkapan at behikulo sa sunog
- $1.2 milyon tungkol sa mga pamamaraan ng pagpapakalma sa trapiko

*Mga Parke at Libangan*

- $24 na milyon para i-redevelop ang Howden Recreation Centre, kabilang ang konstruksyon ng isang bagong sports field

The Corporation of The City of Brampton
2 Wellington Street West, Brampton, ON  L6Y 4R2   311   TTY: 905.874.2130

- $9 milyon para i-develop ang cricket, soccer, tennis fields at mga gusali sa Gore Meadows
- $1.2 milyon para sa Urban Forest Canopy Program, na sumusuporta sa programang Isang Milyong Punong-kahoy ng Lungsod
- $13.25 mimyon para sa umiiral at bagong mga parke sa lungsod

*Hinubog ng ating Komunidad*
Kinokolekta ng Lungsod ang feedback sa buong taon sa pamamagitan ng iba't ibang channel, na nakakatulong sa paghubog ng Badyet ng Lungsod:

- 311 tawag sa telepono, emails at social media
- Birtwal na roundtable ng negosyo sa Pebrero 23 na may 24 na dumalo na kumakatawan sa iba't ibang sektor

Mga town hall ng telepono na partkular sa badyet sa Pebrero

**Mga Quote**

"Ang ating 2023 badyet ay isang balanseng pamamaraan sa paglago, kung saan kumikilos tayo sa transformative na mga oportunidad habang inilalatag ang solidong pundasyon para sa ating kinabukasan. Committed tayo sa paglikha ng mas nakakalusog at konektadong mga komunidad, na may pinakamalaking mga kontribusyon sa mga reserve, karagdagang mga suporta para sa transit, at makasaysayang mga pamumuhunan sa lokal na pagpopondo sa healthcare habang umaabante tayo sa bagong Peel Memorial Hospital at Cancer Centre."

- *Patrick Brown, Mayor; Chair, Komite ng Badyet, Lungsod ng Brampton*

"Para sa lahat ng residente, ito ay isang badyet na naghahatid ng responsableng pamamaraan; isang badyet na nagpapalakas sa ating pagiging kompetitibo sa mga munisipalidad ng GTA. Nagsikap ng mabuti ang staff ng Lungsod para matiyak na makalipas ang apat na taon na walang dagdag-buwis, patuloy tayong naghahatid ng isang plano na nasusukat at tunay na nagpapaganda sa mga buhay ng mga residente at mga negosyo sa Brampton."

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice Chair, Komite ng Badyet, Lungsod ng Brampton*

"Ang 2023 Badyet ng Lungsod ay nagtatayo ng isang pundasyon para sa kinabukasan ng Brampton. Lumilikha tayo ng moderno, nagsasali sa lahat, ligtas at nakalulusog na mga komunidad para sa lahat na suportado ng ating mga pamumuhunan sa imprastraktura, fire, transit at maraming amenidad para mag-enjoy ang mga residente sa mga taon na darating. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin, kabilang ang pagpaplano sa badyet kung saan nakapokus tayo sa nangungunang tatlong concern ng mga residente: healthcare, kaligtasan at mababang mga buwis."

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca